

Ang relihiyon ba ay ang opyo ng masa?

Ang katotohanan ay ang relihiyon ay isang tungkulin at responsibilidad. Pinapanatili nitong gising ang konsensya, at hinihikayat ang mananampalataya na suriin ang kanyang sarili sa bawat maliit at malaking bagay. Ang mananampalataya ay may pananagutan sa kanyang sarili, sa kanyang pamilya, sa kanyang kapitbahay, at maging sa mga naglalakbay. Siya ay kumikilos nang naaayon sa mga dahilan at nagtitiwala sa Diyos. Hindi ko iniisip na ang mga katangiang ito ay angkop sa mga adik sa opyo. Ang opyo ay isang narkotikong substansya na nakukuha mula sa halamang poppy at ginagamit sa paggawa ng heroin.

Ang tunay na opyo ng masa ay ateismo, hindi pananampalataya. Sapagkat hinihikayat ng ateismo ang mga tagasunod nito sa materyalismo, at pinapaliit ang kanilang ugnayan sa kanilang Lumikha sa pamamagitan ng pagtanggì sa relihiyon at pagtalikod sa mga responsibilidad at tungkulin. Pinupukaw nito ang mga tao na magpakasaya sa sandaling kanilang nararanasan, anuman ang mga kahihinatnan. Ginagawa nila ang anumang kanilang nais basta't walang parusang pisikal, naniniwala silang walang Diyos na nagmamasid o hahatol. Hindi ba't ito ang tunay na paglalarawan ng mga adik?

سؤال وجواب حول الإسلام

Reference: <https://www.gulfjobhub.com/qa/tl/show/19/>

Arabic Reference: <https://www.gulfjobhub.com/qa/ar/show/19/>

Wednesday 5th of August 2026 05:10:27 AM